**Saklaw at Limitasyon**
39

**Rekomendasyon**
40

**Talasanggunian**
42

**Apendiks A**
47

**Apendiks B**
50

**Apendiks C**
51

**Apendiks D**
52

**Abstrak**

Ang pagtatrabaho ng mga Pilipino sa ibang bansa ay nakatutulong sa pagpapalago ng eknomiya ng Pilipinas at nakatutulong din upang mabigyan ng maginhawang buhay ang kani-kanilang pamilya. Kadalasan ay isa sa miyembro ng pamilya, partikular na ang mga magulang, ang siyang nangingibang bansa. Ngunit sa pag-alis na ito ng mga magulang, naapektuhan ang mga anak lalo na habang sila ay lumalaki dahil maaaring maapektuhan ang kanilang relasyon. Layunin ng pag-aaral na ito na (1) malaman ang lapit o layo ng anak at magulang na OFW, (2) malaman ang lapit o layo ng magulang na OFW sa anak, at (3) malaman ang mga pantukoy ng lapit o layo ng loob. Sa pag-aaral na ito, gumamit ang mga mananaliksik ng kwalitatibong pamamaraan at dalawang metodo mula sa Sikolohiyang Pilipino; ang pakikipagkwentuhan at pagtatanung-tanong. Ang

sampling na ginamit sa pagkuha ng mga kalahok ay purposive sampling dahil may pamantayan ang mananaliksik sa pagpili ng mga kalahok na binubuo ng sampu (10) OFW at kanilang anak. Tinalakay ang lapit o layo ng loob ng anak sa magulang na OFW sa pamamagitan ng tatlong tema; paglalaan ng oras sa magulang, pagbabahagi sa magulang at pagpapakita ng lambing sa magulang. Para naman sa mga magulang, tinalakay ang lapit nila sa anak sa pamamagitan ng tatlong tema; paglalahad ng paraan ng pagbibigay ng oras sa anak, pagkakaroon ng magnadang komunikasyon sa anak pagdating sa problema, at pagkakasundo ng magulang at anak sa iba't ibang bagay. Para naman sa layo, isang tema ang nabuo at ito ay ang pagkakaroon ng hiya sa anak. Ang mga pantukoy naman ng lapit o layo ng loob na nalaman sa pakikipagpanayam ay lambing, paglalaan ng oras sa isa't isa at komunikasyon.

Keywords: Lapit, Layo, OFW, Magulang, Anak

**Panimula**

Ang pagpunta ng mga Pilipino sa ibang bansa upang magtrabaho ay unang naitala noong 1417 sa pagitan ng Pilipinas at Tsina, at sa pagdaan ng maraming taon patuloy ang pagpapadala ng mga Pilipino sa ibang bansa para magtrabaho. Noong dekada '60 nagsimula ang pag-kakaroon ng mga Pilipinong manggagawa sa Estados Unidos, at ang programang ito ay itinaguyod sa pamumuno ng dating Pangulong Ferdinand Marcos sa panahon ng Martial Law. Ang pagpapadala ng mga Pilipino sa ibang bansa ay nakatutulong sa ekonomiya ng Pilipinas kaya